# Bumoto nang maaga.

## Bumoto sa pamamagitan ng koreo.

## BUKAS NA ANG MGA ESPESYAL NA KAHILINGAN SA BALOTA.

**Huwag nang maghintay hanggang Oktubre 19.**

Ang bawat kwalipikadong botante sa Alberta ay maaaring mag-aplay para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Hindi mo kailangan ng espesyal na dahilan.

Bumoto mula sa bahay, maglaan ng oras na kailangan mo para kumpletuhin ang lahat ng 10 balota at iwasan ang inaasahang pila sa Araw ng Pagboto.

Tanong 10:
**MANATILI SA CANADA**
✓

Mga Tanong 1–9:
**HINDI**
✓

## Dumarami ang maling impormasyon. Mahalaga ang mga katotohanan.

**MALING IMPORMASYON**

**Ang immigration ang dapat sisihin sa mga problema ng Alberta.**

**KATOTOHANAN**

Ang mga newcomers ay ang ating mga katrabaho, kapitbahay at kaibigan. Nagtatrabaho sila, nagbabayad ng buwis at nakakatulong sa ating ekonomiya. Ang mga newcomers ay hindi ang sanhi ng mga problema ng Alberta sa healthcare at edukasyon.

**MALING IMPORMASYON**

**Ang mga non-permanent residents ay nakaka-libre sa health care at edukasyon.**

**KATOTOHANAN**

Ang mga non-permanent residents ay nagtatrabaho at nagbabayad ng daan-daang milyong dolyar na buwis para pondohan ang mga serbisyong pampubliko. Ang iilan na hindi kwalipikado para sa mga serbisyo ay nagbabayad na para sa mga ito nang personal.

**MALING IMPORMASYON**

**Maaari tayong bumoto para sa paghihiwalay para lamang magpadala ng mensahe sa Ottawa.**

**KATOTOHANAN**

Ang paghihiwalay ay magdudulot ng tunay na kawalan ng katiyakan sa ekonomiya. Maaaring maantala ng mga negosyo ang pamumuhunan at pagkuha ng empleyado, at malagay sa panganib ang mga trabaho. Maaari tayong manindigan para sa Alberta nang hindi isinasapanganib ang kabuhayan.

**MALING IMPORMASYON**

**Ang mga botong ito ang lulutas sa mga problema ng Alberta.**

**KATOTOHANAN**

Matagal ka pa rin maghihintay sa operasyon, makahanap ng doktor ng pamilya, magdagdag ng guro sa eskwelahan o mababawasan ang gastos mo sa grocery. Pagtuunan natin kung ano ang mahalaga: health care, edukasyon, abot-kayang presyo, trabaho at isang malakas na ekonomiya.

## Maraming ingay tayong naririnig tungkol sa mga tanong sa reperendum.

Ang katotohanan ay mahalaga dito sa reperendum. Ang mga boto natin ay may malaking kahihinatnan para sa iyo at sa iyong pamilya, sa ating mga serbisyong pampubliko, mga trabaho at ang economic security ng Alberta.

# Tama na.

**Hindi sa kawalan ng katiyakan.**

**Hindi sa mga kaguluhan.**

**Humingi ng iyong special ballot ngayon:**

**Bumoto. Mag-volunteer. Mag-donate.**
**Makilahok:**
**albertareferendum2026.org**

Pinahintulutan ng Together – "No" (Public Interest Alberta, 10512 122 St NW Edmonton), Referendum Third Party Advertiser. Makipag-ugnayan sa amin sa office(at)pialberta.org. Sinusuportahan namin ang pananatili ng Alberta sa Canada, at tinututulan ang iba pang siyam na tanong.

# Tama na.

## Sumulong tayo.

**Sa Oktubre 19,**
**ang mga taga-Alberta ay boboto sa 10 tanong sa reperendum.**

May mas malalaking isyu na nakakaapekto sa mga pamilya sa Alberta: health care, edukasyon, mataas na bilihin, trabaho at ating ekonomiya. Doon dapat nakatuon ang ating lakas, oras at pera ng bayan!

**Hindi sa kawalan ng katiyakan.**
**Hindi sa mga kaguluhan.**

Tanong 10: **MANATILI SA CANADA** ✓

Mga Tanong 1–9: **HINDI** ✓

## Ano ba ang iboto natin?

**Makakatanggap kayo ng 10 magkakahiwalay na balota:**

### T1 — Immigration

Mas malaki ang kontrol ng probinsya, ibaba ang immigration, bigyan ng prioridad ang mga economic immigrants, at uunahin ang mga Albertans sa trabaho.

### T2 — Public Services

Limitahan ang mga serbisyo na binibigay ng probinsya depende sa inyong immigration status lalo na sa health care, edukasyon at social services.

### T3 — Social Support

Para sa mga taong may non-permanent immigration status, kinakailangan nakatira ka ng 12 buwan sa Alberta para makatanggap ng social support sa probinsya.

### T4 — Healthcare at Edukasyon

Para sa mga taong may non-permanent immigration status at ang kanilang pamilya, magbabayad sila ng premium para sa healthcare at edukasyon.

### T5 — Voting

Kailangan magpakita ng proof of citizenship para makaboto sa mga halalan sa probinsya ng Alberta.

### T6 — Mga Hukom

Bigyan ang Alberta provincial government, sa halip na sa Ottawa, ng kapangyarihang pumili ng mga hukom ng King's Bench at Appeal Court.

### T7 — Senado

Baguhin ang Konstitusyon upang buwagin ang pederal na Senado.

### T8 — Federal Programs

Hayaan ang mga probinsya na mag-opt out sa mga federal programs nang hindi nawawala ang pondo na galing sa federal government.

### T9 — Kapangyarihang Panlalawigan

Bigyan ng prayoridad ang mga batas ng probinsya kaysa sa mga batas pederal kapag ang mga ito ay sumasalungat sa batas o kapangyarihan ng probinsya.

### T10 — Paghihiwalay sa Canada

Manatili sa Canada o simulan ang legal na proseso tungo sa isang reperendum sa paghihiwalay.